

1

“Summer, palit na lang tayo ng partner sa sayaw natin. Tatal naka-partner mo na si Luke last year, di ba?”

Hindi man lang sinulyapan ni Summer ang classmate na kumakausap sa kanya. Nasa harapan niya ito, subalit nakatuon pa rin ang kanyang atensyon sa binabasang pocketbook na may pamagat na *Choose Your Own Adventure*.

Ngunit makulit si Kaye. “Sige na naman, Summer.”

“Siya ang kausapin mo,” sa wakas ay sabi niya.

Bigla itong na-excite. “Okay lang sa ’yo?”

Isinara niya ang libro saka ipinamaypay. “Oo naman.”

Halos mamilipit ito sa matinding kilig at galak. Hayagan kasi ang pagka-crush nito kay Luke.

Halos lahat ng mga babaeng estudyante sa *Estrella National High School* ay humahanga kay Lukas Manuel Marcellano. Guwapo kasi ito, mabait at matalino. Mga bagay na nagpapaismid naman sa kanya. Ni katiting kasi ay wala siyang paghangang nararamdaman para sa kababaryo niyang ito.

Umupo si Kaye sa kanyang tabi, may balak yatang makipagkuwentuhan. “Totoo bang sabay kayong ipinanganak

ni Luke?”

Napaikot ang kanyang mga mata. “Nakarating na pala sa ‘yo ang tsismis.”

Almost sixteen years ago, sa isang maalinsangang gabi ng Mayo, sabay nga silang isinilang ni Luke sa delivery room ng *Estrella Hope General Hospital*, ang pribadong ospital na pagmamay-ari ng parents nito. Saktong oras talaga.

They were cute and cuddly babies kaya naman kinagigiliwan sila sa kanilang closely-knit na baranggay, napagtripan pa silang itukso at ipareha sa isa’t isa nang sila ay lumaki na. Hindi niya alam kung paano nag-umpisa pero kapag may ikinakasal sa kanilang lugar, lagi silang kinukuhang abay ni Luke. Pag may Santacruzán, partners sila sa prusisyon. Pati sa school, noong JS Prom last year, sila ang pinag-partner sa kanilang dance presentation. Bagay raw kasi sila dahil maganda siya at guwapo naman si Luke. This year, sila ulit ang magkapareha sa sayaw na *Los Bales!* At nabubuwisit na talaga siya! Paano, si Luke talaga ang piniling maging partner niya ng gurong nagtuturo sa kanila sa sayaw.

Pag-uwi niya nang hapong iyon ay sinabayan siya ng lalaki sa paglakad, akay ang motorbike. “Totoo ba’ng sabi sa akin ni Kaye, Summer?”

Derecho pa rin ang tingin niya sa daan papasok sa kanilang compound, parang walang naririnig.

Hindi talaga sila masyadong nag-uusap ni Luke. Hindi rin sila close. Ni hindi sila naging magkaibigan maski lumaki sila sa iisang baranggay, kahit pa sobrang malapit talaga ang mga tao roon sa isa't isa. Tipikal lang silang magkababaryo. Magkaklase. Magkakilala.

“Summer...”

Ang kulit talaga! In fairness, ang ganda ng sound ng kanyang pangalan mula sa bibig ni Luke. Tama ang pagkakabigkas nito. Sa kanilang bahay kasi, *Sa-mer* ang pagkakabigkas ng kanyang pangalan, ganoon din ang mga karamihan ng mga kakilala niya.

Inis siyang tumigil sa paglakad at hinarap ito. “Ayaw mo bang partner si Kaye? Maganda naman siya, ah.”

“Hindi iyon ang punto ko.” Pinahinto nito ang motorbike at bumaba ito mula roon.

“Eh, ano’ng problema mo?”

“Kung ayaw mo pala akong ka-partner, sana sinabi mo na lang sa akin noon pa at para nakahanap ako agad ng kapalit mo.”

Napahalukipki siya. “As if may choice tayo.”

“Meron. Puwede ka namang tumanggi kay Ma’am Sangatanan noong ako ang ipareha niya sa ‘yo.’”

Idinuro niya ang noo nito, bahagyang itinulak. “Ayaw lang kitang mapahiya!”

Pinalis nito ang hintuturo niya. “Dialogue ko dapat ‘yan!”

Tumalikod na siya. “O, ayaw pala natin sa isa’t isa, eh. Tapos ang usapan!” Humakbang na siya palayo rito.

“Huwag ka lang makabalik-balik sa akin, ha?” pahabol ni Luke.

Napatigil uli siya sa paglakad. Buong-taray niyang hinarap ito. Itinodo niya ang volume ng boses. “Ang kapal ng mukha mo!”

“Basta,” diin nito. “Huwag ka lang makikiusap na muli akong maka-partner.”

Nanggigil na siya nang husto. “Ang lupit mo, Tsong! Akala mo kung sino kang guwapo na dapat kong habul-habulin? Hitsura mo lang! Pandakekok!” Sa gulang niya kasing magsi-sixteen ay five feet and seven inches na ang height niya. At mas matangkad yata siya ng one inch kay Luke.

“Tabatsoy!”

Lalong umusok ang bumbunan niya. Oo na, may baby fats nga siya sa katawan, pero hindi naman siya ganoon kataba. “Payatot! Nerd!” sigaw niya. Nagsilabasan ang mga litid niya sa leeg.

Nang napadaan sa kinaroroonan nila si Poldo, matanda ito ng ilang taon sa kanila at numero unong alaskador ng Barangay Dizon. “Uuuy, diyan daw nag-uumpisa ‘yan!” tukso nito. Mga paslit pa lang sila noon ay lagi na sila nitong itinutukso sa isa’t

isa. Mahilig itong magpaiyak ng mga bata. Pero never siyang napaiyak nito. Naalala niya, binato niya ito noon ng lata habang naglalaro sila ng tumbang-presyo at itinutukso siya kay Luke na isa sa mga kalaro niya.

Inirapan niya lang ang kababaryo. Wala siyang energy ngayong hapong makipag-away sa dalawang tao.

“Tingnan n’yong mga sarili n’yo, para kayong mag-asawa kung mag-away!” hirit pa nito bago dumaan palampas sa kanila.

“Kami ng malditang ito, mag-asawa? Hah! Mag-aalaga na lang ako ng aso!”

Napanganga siya sa sinabing iyon ni Luke. Ngunit saglit lang ang pagkatigagal niya. Idinuro niya ito sa mukha. “Hoy, Lalaki! Hinding-hindi ako magpapakasal sa ‘yo kahit ikaw pa ang huling lalaking matitira sa mundong ito. Itaga mo ‘yan sa bato! At tama ka, mas bagay sa ‘yo ang aso, kaya doon ka magpakasal. Mukha ka kasing Chihuahua!” pagtatalak niya.

Hindi na ito nagsalita. Nahiya na siguro sa mga taong naglalakad sa daan na napapangiti sa pagsasagutan nila. Ngunit itinuloy niya pa rin ang ratsada ng bibig. “Ano, natameme ka ngayon?”

Nakita niya ang pamumula ng magkabilang pisngi nito, parang matindi ang ginagawang pagpipigil sa sarili na makipagsagutan pa sa kanya. Then he just threw his hands in the air at sumakay sa motorbike saka mabilis na pinasibad iyon

ng takbo palayo sa kanya.

Habol pa rin siya sa pangangantyaw. “O, ano ka ngayon? Panis ka pala, eh!”

“Summer!”

Napalingon siya sa tumawag ng kanyang pangalan. “Hi, Mamang!” bati niya rito na sinabayan pa ng ngiti.

“Dinig na dinig hanggang bahay ang boses mo. Sino ba’ng kaaway mo dito, ha?”

“Wala ho, ah!” palusot niya.

Parang paslit na inakay siya pauwi sa kanilang bahay ng kanyang ina. “Hindi ka na bata para makipag-away pa sa kalye, Summer. Hindi na magandang tingnan!”

“Lemme guess, nakipagtalakan na naman ba ang inyong magaling na anak na ipinaglihi n’yo kay Bella Flores?” pagpaparinig ni June, ang nag-iisang kapatid niya. Wala pang dalawang taon ang tanda niya rito.

“Itikom mo nga ‘yang bibig mo, Baklita!” singhal niya rito.

“Ay, matagal ko nang alam na bakla ako, hindi mo na kailangang ipaalala pa. Thank you very much!” sabi nito at patuloy pa rin sa paglilinis ng mga kuko sa kamay. “If I know, si Luke na naman ang nakaaway mo sa kalye.”

“Anak, bakit ba ang sungit-sungit mo sa kanya?” tanong ni

Mang Alfonso na lumabas sa kusina, may hawak ng isang tasa ng kape.

“Oo nga. He’s so nice pa naman!” sabad ni June.

Napaismid si Summer. How she hated the fact na lahat ng tao ay giliw na giliw sa Lukas Manuel na iyon! Lahat na lang nagsasabing napakabuting bata nito, mabait, magalang, matalino... Samantalang siya, ang kakulitan na lang niya lagi ang napapansin o ang super-lakas na volume ng boses niya. Kahit sa kanilang school, paborito ng mga teachers si Luke.

Padabog siyang nanaog sa ikalawang palapag ng kanilang bahay.

Hindi inakala ni Summer na ipagkakalat ni Kaye ang partner-swapping nilang dalawa. Ayun tuloy, nakipagpalitan si Boris sa dating partner ni Kaye na si Arthur na dapat sana ay siyang partner niya ngayon. Si Arthur na komo patpatin ang pangangatawan ay walang nagawa sa paninindak ng pinakasiga sa buong campus na si Boris the Bully.

At ang resulta? Habang si Kaye ay smile to death sa piling ng crush nitong si Luke, inis na inis naman si Summer sa kapareha niyang dambuhala at pasmado ang mga kamay.

Hindi maipinta ang kanyang mukha sa unang part pa lang ng dance rehearsal. Lalo na nang ngitian siya nang nakakaloko

ni Luke.

Sa matinding inis ay nag-walk out siya sa gitna ng rehearsal nang hapon na iyon.

Nang uwian ay may naghihintay sa kanya sa ilalim ng malaking punong acacia sa harapan ng Liwasang Bayan ng Estrella kung saan siya dumadaan patungo sa paradahan ng mga tricycles na biyaheng Barangay Dizon.

“Hoy, babaeng feeling maganda!” Si Boris.

Walang takot na hinarap niya ito.

The dinosaurs are back on earth. Itong nasa harapan niya ngayon ang living proof.

“O, ano’ng atin?” walang-gatol niyang tanong. Pero parang alam na niya ang ipinagpuputok ng butse nito. Napahiya siguro sa pag-walk out niya kanina. Pinagtawanan kasi ng ilang classmates niya.

“Akala mo yata kung sino kang napakagandang nilalang. Humarap ka nga sa salamin para kilabutan ka naman sa inaasta mo!” anito sa boses na parang dumadagundong.

“Ganoon...” nakahalukip na sabi niya. Eto na yata ang nabasa niyang tungkol sa ego ng mga lalaki. Nakasaling yata siya ng isa. Akalain ba niyang may ego rin pala ang mga lalaking dinosaurs! “Hoy, kung hindi ako maganda, hindi ka sana magkaka-crush sa akin! Pa-deny ka pa diyan! Kaya ka nga nakipagpalit kay

Arthur para maka-partner mo ako sa sayaw, eh!”

Natigilan ito.

“Natahimik ka!” kanyaw niya. “Totoo kasi!”

“N-noon iyun! Noong hindi mo pa ako ipinapahiya sa harap ng maraming tao!” galit na sabi nito, sabay sunggab sa braso niya.

Nagpumiglas siya. “Bitawan mo nga ako!”

Napangiwi siya sa nagpapawis nitong palad na nakahawak sa braso niya. “Kadiri ka, Boris!”

“Tuturuan kita ng leksyon!” nakangising banta nito at hinila siya palapit dito.

“Isusumbong kita sa ninong kong konsehal! Ipapakulong ka niya!” tili niya.

“Anong kaso? Para hinahawakan lang naman kita, ah.” Lalo pa siyang hinila palapit dito, at nagdikit ang kanilang mga katawan.

“Anong kaso? Eh, d-di sexual harassment, public disturbance, saka, saka... illegal possession of ugly face!”

Lalong nanggigil si Boris at hinigpitan pa ang hawak sa kanya. Kinilabutan siya nang husto nang hapitin siya nito sa baywang.

“Boris!”

Sabay na napaling ang tingin nila sa nagmamay-ari ng boses na iyon.

Si Luke. Sakay ito ng motorbike at papalapit sa kanila. “Bitiwan mo siya!” malakas na utos nito at mabilis na ipinarada ang sasakyan.

Sinamantala ni Summer ang pagkapukaw ng pansin ni Boris at ubod-lakas niyang inapakan ang isang paa nito. Nang makawala ay mabilis siyang hinila ni Luke patungo sa likuran nito.

Umatungal na parang baka ang bully. “Shit ka! Pipilipitin ko’ng leeg mo!” At sumugod ito sa kanya.

Ngunit isang malakas na sipa sa tiyan ang sumalubong dito galing kay Luke. Bumagsak ito nang patihaya sa lupa.

“Tumayo ka diyan para makalaban ka nang parehas,” hamon nito sa napahigang lalaki.

Natigilan si Summer. Wala sa hinagap niyang marunong din palang makipag-away si Lukas Manuel Marcellano. Aba, isa yata ito sa mga most behaved students sa paaralan nila! At napatumba pa nito ang dambuhalang si Boris the Bully!

Nagtaas ng kamay ang malaking lalaki. “S-suko na ako!”

“Makinig kang mabuti,” matiim na saad ni Luke at hinila ang kuwelyo ni Boris saka itinayo ito. “Huwag na huwag mo nang sasalingin si Summer kahit kailan. Ni dulo ng kuko o buhok niya, maliwanag?”

Forever With Luke - Yumi Sagara

Sunod-sunod ang mga tango nito saka bumira na ito ng alis matapos pakawalan ni Luke.

“O, ligtas ka na, Prinsesa,” baling sa kanya ng knight in shining armor.

“E-excuse me!” Umismid siya. “Ako kaya mismo ang kumawala sa pagkakahawak sa akin ng dinosaur na ‘yun!” At taas- noong um-exit siya sa eksena.